IJMERI Journal

Volume 01 Issue 03 | August 2023

Article 11

**E- ISSN:** 2980-4760
**P- ISSN:** 2980-4752

DOI: 10.5281/zenodo.8326092

# Ang Pagtatagpo ng Noli Me Tangere at Telebisyon: Batayan sa Mungkahing Gabay ng Guro (Teacher's Guide)

**Jell Vicor P. Opeña**
jellpontejos@gmail.com
Teacher I, Junior High School
Rizal National High School
Santa Elena, Camarines Norte, Philippines

**International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation** is an international peer-reviewed academic journal that highly values the importance of developing knowledge in the field of multidisciplinary educational and innovative research. The journal's scope is broad, with the goals of disseminating information and providing a place for discussion, theoretical inquiry, practical applications, research discoveries, and experimentations in the field of education.

**Recommended Citation**
Opeña, J. V. (2023). Ang Pagtatagpo ng Noli Me Tangere at Telebisyon: Batayan sa Mungkahing Gabay ng Guro (Teacher's Guide). *International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation.* 1(3), 140-160. https://doi.org/10.5281/zenodo.8326092.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.



Published by IJMERI, Saint Joseph College, Southern Leyte, Philippines
Website: http://www.ijmeri.com/
This is an open access article under the CC BY license

International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation

ORIGINAL ARTICLE

OPEN ACCESS

# ANG PAGTATAGPO NG NOLI ME TANGERE AT TELEBISYON: BATAYAN SA MUNGKAHING GABAY NG GURO (TEACHER'S GUIDE)

**Jell Vicor P. Opeña**[1]

[1]*Teacher I, Junior High School, Rizal National High School, Santa Elena, Camarines Norte, Philippines*




**Received:** May 2023

**Revised:** June 2023

**Accepted:** July 2023

**Available:** August 2023

## ABSTRACT

Layunin ng pananaliksik na ito na makabuo ng Gabay sa Pagtuturo (Teacher's Guide) bilang kagamitang makatutulong sa pagkatuto ng asignaturang Filipino. Gamit ang deskriptibong pananaliksik, natuklasan na 81% ng mga guro ang nagsabing makatutulong ang paglikha ng Gabay sa Pagtuturo (Teacher's Guide). Ayon naman sa 95% ng mga mag-aaral, nararapat isama ang mga gawaing kaugnay ng panonood upang mas maging interaktibo at epektibo ang pagkatuto ng nabanggit panitikan. Batay sa mga inilahad na kinalabasan, nabatid ng mananaliksik na malaking bahagdan ng mga guro at mag-aaral ng asignaturang Filipino ang nagsasabing may kahirapan ang pagtuturo at pagkatuto ng Noli Me Tangere bilang akdang pampanitkan sa ikaapat na markahan ng ika-9 na baitang. Sa makatuwid, ang pagkakaroon ng Gabay sa Pagtuturo (Teacher's Guide) ng nabanggit na Obra Maestra ay makatutulong nang malaki hindi lamang sa guro bagkus ay pati na rin sa mag-aaral.

***Keywords:*** *Noli Me Tangere, Telebisyon, Batayan, Gabay sa Pagtuturo, Panonood*

## INTRODUCTION

Nobela. Isang salita na marahil karamihan sa mga guro sa asignaturang Filipino ay nahihirapan ituro. Ayon kay Danenbarger (2019), may dalawang itinuturing na balakid sa pagtalakay ng nobela. Una, maaari itong magmula sa wika. Mula sa mahaba at komplikadong mga pangungusap na nagtataglay ng di pamilyar na salita. Ikalawa, nagtatambak ng maraming sugnay sa isa't isa na nagdudulot ng paglihis ng mga metapora at analohiya patungo sa pagkalimot kung saan nag-umpisa ang pangungusap. Paano nga naman gagawing kapana-panabik ang pagtalakay kung sa bilang pa lamang ng kabanata ay tiyak na mawawalan na ng interes ang makikinig? Idagdag pa ang salitang hindi madaling maunawaan.
Sang-ayon sa Rizal Law (RA Blg.1425), ang pag-aaral ng buhay at mga gawa ni Dr. J.P.Rizal ay marapat. Ayon sa nakasaad sa seksyon bilang isa, nararapat maiangat ang antas ng nasyonalismo sa Pilipinas.

Ang pagiging makabansa ay isang mahahalagang katangiang dapat mahubog sa kabataan at ito ay sang-ayon sa Core Values ng Kagawaran ng Edukasyon - maka-diyos, maka-tao, makakalikasan at makabansa. Kaugnay nito, ang pag-aaral ng Noli Me Tangere bilang isa sa mga akda ni Rizal ay mahalaga. Ayon nga kay Lofredo (2017):

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

"Rizal's Noli Me Tangere revisits a cultural treasure, revives a national inspiration of Rizal and inspires source of patriotism with which the minds of the youth, especially during their formative and decisive years in school, should be suffused."

Ayon sa may-akda, ang Noli Me Tangere ay may kakayahang bumuhay ng pambansang inspirasyon. Ang pagsusulat ng "Noli Me Tangere" ay bunga ng pagbasa ni Rizal sa "Uncle Tom's Cabin" ni Harriet Beacher Stowe, na pumapaksa sa kasaysayan ng mga aliping Negro sa kamay ng mga panginoong puting Amerikano. Ang akdang ito ay nagbahagi ng mga ideya kay Rizal tungkol sa mga kawalang-katarungan at pang-aalipin sa pisikal at emosyonal na mga kapasidad ng mga itim na tao. Dahil dito, nagkaroon siya ng inspirasyon na magsulat ng sarili niyang nobela na may parehong paksa – upang ilantad ang pang-aabuso ng kolonyal na Espanyol sa pamamagitan ng pagsusulat. Inilarawan dito ang iba't ibang kalupitan at pagmamalabis ng mga Puti sa Itim. Inihambing niya ito sa kapalarang sinapit ng mga Pilipino sa kamay ng mga Kastila (Ilano, 2022).

Marami nang kaugnay na pag-aaral ang nakapokus sa kung paano mas mauunawaan ng mag-aaral ang panitikan. Ayon kay San Juan (1987), ang mambabasa ay hindi inosenteng kaisipan, isang tabula rasa, na walang nalalaman sapagkat sa prosesong hermiyunitiko, ang buong pagkatao at pananaw sa mundo (world view) ay nasasangkot sa pakikipag-interpeys sa pananaw sa mundo ng akda. Samakatuwid, ang mambabasa ay hindi isang indibidwal na sensibilidad lamang, gayundin ang awtor; kapwa sila repleksyon ng mga grupo o klaseng siyang taga-likha ng ideyolohiyang binubuhay sa sining. Dagdag pa niya:

"Sa palagay ko, bagamat ang teksto ay isang konstrak o niyaring bagay na binubuo ng iba't ibang sangkap mula sa ideyolohiya, kumbensiyong panliteratura, pilosopiya, kultura, siyensiya, atbp na lumilikha ng subjectivity o kasiyaan ng mambabasa, ang bumabasa nito ngayon ay may kakayahang magbigay-tinig sa akdang ito batay sa repertoire o kalipunan ng mga paniniwala, damdamin, pananaw. Sa ibang salita, tayo'y hindi pasibo. Tayo'y makapagdudulot ng bagong artikulasyon sa tekstong ito upang makahulagpos ang diwa mula sa tanikala ng tradisyon at mapalaya ang rebolusyonaryong potensiyal ng Noli oara sa mga pangangailangan ngayon."

Nangangahulugan na upang mas maging epektibo ang pag-unawa ng bumabasa ang akda, nararapat na mailapat niya ang kaniyang mga pananaw o karanasan sa lipunang kaniyang ginagawalan sa akdang kaniyang binabasa.Isa sa mga ugat ng mga pag-aaral na ito ay ang mababang lebel ng pag-unawa sa binabasa ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral na hirap maunawaan ang mga mensahe, ideya at salita ng tekstong kanilang binabasa ay isa sa mga hamong kinahaharap ngayon ng ating mga mag-aaral upang maging mas malinaw at mabilis ang kanilang pagkatuto. Ang tagumpay at kagalingan sa pagbabasa at pag-intindi sa mga binabasa ay isang napahalagang aspeto ng kaunlaran at pagkatutuo ng isang mag-aaral (Perez, 2019). Sa bansang Pilipinas ay marami ding mga mag-aaral ang nakakaranas ng komplikadong pag unawa sa mga teksto. Nagkakaroon sila ng kahirapan sa pag-aanalisa sa mga susing salita at hindi nila alam kung anong kahulugan ng nasabing salita (Llorico, 2013) Kaugnay nito, layunin ng pananaliksik na ito na makabuo ng Gabay sa Pagtuturo (Teacher's Guide) ng Noli Me Tangere sa ika-9 na baitang na binubuo ng mga gawaing nakasentro sa kasanayang panonood sa tulong ng paggamit ng mga seryeng hango sa telenobelang Maria Clara at Ibarra.

## Research Questions

1. Ano ang antas ng kadalian o kahirapan ng pagtuturo ng Noli Me Tangere?
2. Ano ang antas ng kadalian o kahirapan ng pagkatuto ng Noli Me Tangere?
3. Ano ang mga salik na nakaaapekto sa pagtuturo at pagkatuto ng Noli Me Tangere?
4. Ano ang maitutulong ng paggamit ng Gabay sa Pagtuturo (Teacher's Guide) sa mga guro at sa mga mag-aaral?

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

5. Ano ang mga gawaing pampagkatuto ang nararapat isama sa Gabay ng Guro (Teacher's Guide)

## REVIEW OF RELATED LITERATURE

**Panonood Bılang Makrong Kasanayan**

Ang mga mata ay itinuturing na mga bintana ng ating kaluluwa. Anuman ang mahagip ng ating paningin ay siyang sinasalamin ng ating pagkatao at kamalayan. Sa kasalukuyan, ang kasanayan na ito ang pinakagamitin sa kahit anong uri ng komunikasyong sosyal at maaaring ilapat sa anomang larangan.
Ayon kay Del Rosario (2018), Ang panonood ay ang proseso kung saan ang mga manonood ay nagmamasid sa mga pagtatanghal, pag-record, at iba pang visual na media upang maunawaan ang mensahe o ideya na nais nilang iparating. Ito rin ay ang sabay-sabay na pag-unawa sa mga nakikitang larawan at naririnig na tunog. Minsan may mga karagdagang simbolo na kailangang basahin. Malaking tulong sa pag-aaral ang panonood dahil sa paggamit ng mga larawan ay lubos na mauunawaan ang mga iniisip ng manonood. Ang paglaganap ng mga website ng video tutorial ay patunay nito. Ito ay isang mabisang paraan ng pagkatuto dahil bukod sa mga impormasyong nakakalap nito ay nakakaaliw din ito.

Dahil dito, ang panonood na isa sa mga makrong kasanayan ay itinuturing na mahalaga sa pangangalap ng mga impormasyon. Ayon sa panayam kay Considine na may-akda ng Visual Messages: Integrating Imagery into Instruction. A Media Literacy Resource for Teachers (Second Edition) ni Morgenthaler (2010), Ang panonood ay isang aktibidad kung saan ang manonood ay nagmamasid at nag-iimbestiga sa pagganap upang matuklasan ang konseptong inihahatid nito. Ito ay nagbibigay-daan upang mapahusay ang kaalaman ng isang indibidwal sa pamamagitan ng pagtingin sa visual media kung saan ang isa ay nakakarinig at may mga kinakailangang visual. Ito ay kapaki-pakinabang para sa pagbuo ng kaalaman ng mas malalim na konklusyon tungkol sa kung ano ang nakikita at narinig.

Bilang bahagi ng pagtuturo at pagkatuto sa ika-21 na siglo, nararapat na maiangkop ang mga kasanayang dapat matutuhan ng mga mag-aaral. Dahil dito, ang dating apat na makrong kasanayan na pakikinig, pagsasalita, pagbasa at pagsulat ay nadagdagan ng isa – ang panonood.
Ayon kay Napiere, M. B. (2012), ang mga pamamaraang mas kinagigiliwan ng mag-aaral para sa kanilang pagkatuto ang mga gawaing nakabatay sa Multiple Intelligence Theory ni Howard Gardner. Sang-ayon dito, ang pagtuturo ay nararapat na hindi lamang naglilimita sa ilan sa mga ito sapagkat ang bawat mag-aaral ay may natatanging kagalingan na nararapat na alam ng guro upang maging lunsaran ito ng mabisang pagkatuto ng mga mag-araral.

Ayon sa pananaliksik, mas nais ng karamihan sa mag-aaral ang pagtuturo at pagkatuto na nakatuon sa kagalingang musical at visual. Ayon sa mananaliksik:
"The study suggests the need for more instructional strategies that will tap the musical and visual intelligences of students; and more opportunities to demonstrate their learning through active involvement, sound-related activities, and reflection-stimulating ways."

Nais lamang ipakita ng pag-aaral na ito na mas nais ng karamihan sa mga respondente ng pag-aaral ang paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo at pagkatuto na may kaugnayan sa mga tunog at mga kagamitang nakapagpapasigla ng kanilang paglilimi. Ayon nga sa website na Tiger at Tim (2020):

"Viewing as a language skill is defined as the process of understanding visual texts that come in various formats, such as TV shows, advertisements, films, videos, and images. In short, viewing is the act of

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

‘reading’ visual cues. So, it’s like reading a book while looking at pictures, animations, and listening to accompanying sounds.”

Nais lamang niyang patunayan na ang paggamit ng panonood bilang bahagi ng pagtuturo ay mas malawak at komprehensibo kaysa pagbabasa. Ito ay pinagtitibay naman ni Soriano (2018) sa kanyang pananaliksik na pinakamabisang gamitin ang panonood bilang paraan ng pagkatuto para sa mga mag-aaral. Higit na mauunawaan ng isang indibidwal ang mga paksang tatalakayin kung gagamitin ang panonood bilang bahagi ng pagkatuto. Ang panonood ay nakapagpapagaan sa talakayan at ito ay pinakikinabangan ng mag-aaral at maging ng guro. Ang makrong kasanayang panonood bilang instrumentong panturo ay nagdudulot ng parehong aliw at pagkatuto. Mahalagang mapukaw ang interes ng mga mag-aaral upang aktibo itong makilahok sa talakayan at magkaroon ng magandang interaksyon ang guro at mag-aaral sa paksang tinatalakay.

Dagdag pa niya, ang matalinong paggamit ng makabagong teknolohiya sa pag-aaral at pagtuturo ay isang epektibong paraan upang ang mga konsepto ay maging konkretong bagay na magagamit ng mga mag-aaral. Dahil na rin sa mabilis na pag-unlad ng teknolohiya napadadali ang panonood ng iba’t ibang pang-edukasyunal na bidyo, nasa mga mag-aaral na lamang kung paano nila ito aaralin at iintindihin.

**Kahalagahan Ng Paggamıt Ng Gabay Ng Guro**

Sa pagtuturo, lalong higit ng panitikan, ang Gabay ng Guro (Teacher’s Guide) ang kagamitang makatutulong upang maging madali ang pagtuturo at mas mabilis na pagkatuto. Sang-ayon sa website na World Bank Blog (2021):

“Teachers’ Guides (TGs) refer to a set of lesson plans for teachers (they are sometimes known as scripted or structured lesson plans)”

Ang mga Gabay ng Guro (Teacher’s Guide) ay nagbibigay ng paraan upang "itaas ang pundasyon" ng kalidad ng pagtuturo sa silid-aralan dahil sa pagsuporta sa mga guro sa proseso ng pagpapatibay ng kurikulum - pagpapasimple sa gawain ng pagbibigay ng pagtuturo sa pamamagitan ng pagtutok sa kung paano magturo kaysa kung ano lamang ang ituturo. Ang mga mahusay na disenyong Gabay ng Guro (Teacher’s Guide) ay nagbibigay ng oras ng mga guro upang makisali sa mga sosyo-emosyonal na aspeto ng silid-aralan at gawing kontekstuwalisado ang pag-aaral.

Ayon naman sa website ng UNESCO International Institute for Education and Planning (2022):
“Teacher guides must : support teachers and student learning through the following essential components: 1) explicitly communicating conceptual goals with direct links to proposed activities; 2) providing knowledge and support to help understand and implement teaching plans; 3) reinforcing pedagogical content knowledge; 4) offering practices and understandings of relevant pedagogical activities; 5) presenting alternatives and freedom of choice; and 6) engaging teachers in ongoing reflection.”

Ang Gabay ng Guro (Teacher’s Guide) ay dapat na nakaayon sa kurikulum at mga katotohanan sa silid-aralan. Layunin nilang tulungan ang mga guro na iakma ang kanilang pedagogy at magkaroon ng direktiba na linya sa kanilang itinuturo at kung paano nila ito itinuturo. Ang Gabay ng Guro (Teacher’s Guide) ay karaniwang nagtataguyod ng isang pedagogical na aspeto: learner-centered o kadalasan ay teacher-centered pedagogies. Ang ganitong uri ng materyal sa pagtuturo ay talagang may kasamang pedagogical na aspeto upang matulungan ang guro sa pamamahala ng silid-aralan at upang maihatid ang kaalaman nang mahusay hangga't maaari. Ito naman ay sinuportahan ng website na Edu Set Up (2021) patungkol sa Gabay ng Guro (Teacher’s Guide) na nagsasabing:

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

“Here they rely on modern methods of school management away from traditional methods of throwing and indoctrination that rely on stuffing minds with information only away from innovation.”

Nangangahulugan lamang nakakahon sa tradisyunal na pagtuturo ang nilalaman ng isang Gabay ng Guro (Teacher’s Guide). Kailangang mailapat din ang makabagong pamamaraan sa pagtuturo paggamit teknolohiya. Ayon naman kina Cunningsworth at Kuse (1991), ang mga Gabay ng Guro (Teacher’s Guide) ay mahalaga sa mga guro. Ang pagkakaroon at pagiging epektibo ng isang Gabay ng Guro (Teacher’s Guide) ay maaaring makatulong sa pagkamit ng mahusay na pagtuturo. Nais lamang puntuhin ng mananaliksik na mahalaga ang pagkakaroon ng Gabay ng Guro (Teacher’s Guide) hindi lamang sa guro, gayundin sa mag-aaral na kasangkot. Sinuportahan naman ito nina Matic at Gracin (2020) nang sabihin nila sa kanilang pananaliksik na ang Gabay ng Guro (Teacher’s Guide) ay kakikitaan ng suportang pang-edukasyon. Ang mga resulta na nakuha mula sa mga obserbasyon at panayam ay nagsasabing ang gabay ng guro’y may epekto sa pagtuturo sa mga guro, na sumusuporta sa kanilang paggamit ng mga aktibong pamamaraan ng pagtuturo sa kanilang pagsasanay sa silid-aralan.

Pinatutunayan lamang nito na hindi maikakaila ang kahalagahan ng paggamit ng Gabay ng Guro (Teacher’s Guide). Bagaman ito’y kagamitan para sa mga kaguruan, ang pangkalahatang epekto nito ay makaaapekto sa lebel ng pag-unawa ng mag-aaral sa partikular na paksang tatalakayin ng guro. Ayon nga kina Piper et. al. (2018), ang gabay ng guro sa istruktura ay nagpapabuti sa mga resulta ng pagkatuto, ngunit ang labis na scripted na mga gabay ng guro ay medyo hindi gaanong epektibo kaysa sa mga pinasimple na gabay ng mga guro na nagbibigay ng partikular na patnubay sa guro ngunit hindi nakasulat sa bawat salita para sa bawat aralin sa ang gabay.

Naipakita sa mga nakalap na pananaliksik ang pagkakaroon ng pag-aaral sa kahalagahan ng panonood bilang makrong kasanayan. Mayroon na ring mga pananaliksik na nagpapakita ng maraming pamamaraan sa epektibong pagtuturo. Naipabatid rin ang pananaliksik ukol sa kahalagahan ng paggamit ng Gabay ng Guro o Teacher’s Guide. Ang mga pananaliksik na ito’y may malaking ambag sa pagtuturo ng Filipino bilang asingatura sa sekundarya. Subalit, wala pang naging pananaliksik tungkol sa pagbuo at paggamit ng isang Gabay ng Guro (Teacher’s Guide) sa asignaturang Filipino sa sekundarya na kakikitaan ng pagtuturo ng panitikan sa tulong ng paggamit ng panonood bilang makrong kasanayan. Ang mayroon ay pananaliksik na gumagamit ng panonood bilang kagamitang pampagkatuto sa pag-aaral ng panitikan. Ang pananaliksik na ito ay magbibigay-pokus sa paglikha ng isang kagamitang hindi lamang sa pagkatuto, bagkus ay isang kagamitang gagabay sa mga guro sa asginaturang Filipino sa ika-9 na baitang sa pagtuturo ng isang uri ng panitikan, ang nobelang naging makasaysayang Obra – Noli Me Tangere.

## RESEARCH METHODOLOGY

### Research Design

Ang pag-aaral na ito ay isasagawa ayon sa disenyo ng deskriptibong pamamaraan ng pananaliksik. Ang deskriptibong pananaliksik, ayon kay McCombes (2022), ay maaaring gamitin sa mga pag-aaral na may layuning matukoy ang mga katangian, frequency, trend, relasyon at kategorya. Ito ay sinang-ayunan ni Voxco (2021) nang kaniyang ilahad na ang deskriptibong pananaliksik ay naglalarawan ng katangian ng isang populasyon. Ang pagkalap ng datos ang unang hakbang upang sagutin ang mga katanungang sa isang populasyon o grupo tulad ng ano, saan at paano. Ito ang nagiging sandigan sa pagbuo ng hypothesis bago sumailalim sa pagsusuring quantitative. Ang nabanggit na metodo ang siyang kinasangkapan ng mananaliksik sa paglikha ng hypothesis na makatutulong upang masagot ang mga suliranin ng pananaliksik.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Gagamit din ang pananaliksik na ito ng lapit na quantitative pagkatapos mabuo ang hypothesis. Ayon kina Bhawna at Gobind (2015), ang pananaliksik na may lapit na quantitative ay gumagamit ng sistematikong pagsisiyasat ng mga nakikitang pangyayari sa pamamagitan ng istatistika, matematika o mga diskarte sa pagtutuos. Ang layunin ng ganitong lapit ay bumuo at gumamit ng matematikang modelo, teorya at/o hypotheses na nauukol sa penomena. Gamit ang ganitong uri ng lapit ay makabubuo ang mananaliksik ng interpretasyon sa mga datos na nakuha at maaaring gamiting sandigan kung ang nabuong hypothesis at resulta ng pananaliskik ay magkatugma. Upang pagtibayin ang hypothesis ng pananalisk na ito na naging kasagutan sa suliranin ng pananaliksik, minabuti ng mananaliksik na gumamit ng deskriptibong metodo na may lapit na quantitative.

Ang mga kinakailangang impormasyon ay nakalap sa pamamagitan ng ipinamahaging inisyal na talatanungan (initial suvey questionnaire) para sa dalawang magkaibang pangkat ng respondente: ang una ay ang inisyal na katangungan para sa guro ng Filipino sa ika-9 na baitang at ang ikalawa naman ay inisyal na sarbey para sa mag-aaral ng baitang 10. Ang mga nabanggit ay angkop lamang sagutan ng guro at mag-aaral sa bayan ng Santa Elena.

Ang pag-aaral na ito ay nagkaroon ng maayos na proseso sa pagsasagawa upang makalap ang angkop na impormasyong sasagot sa mga katanungan ng pananaliksik.

## Research Respondents

Ang papel na ito ay gumamit ng sumusunod na istadistikal na metodo sa pagkuha ng bilang ng respondente at sa pagsuri ng mga datos na kinalabasan ng inisyal na sarbey ng pananaliksik.

Sa pagkuha ng bilang ng respondenteng guro, hindi na gumamit ang mananaliksik ng anumang pormula. Lahat ng guro na nagturo at nagtuturo ng asignaturang Filipino sa ika-9 na baitang sa bayan ng Santa Elena ay ibinilang bilang respondente. Sila ay binunuo ng 21.

Upang madaling makuha ang mga datos sa mga piniling respondenteng ibinatay sa layunin ng pananaliksik, ang may-akda ay gumamit ng pamamaraang Non-Probability Sampling na Purposive. Ayon kina Creswell at Clark (2017), ang Purposive Sampling ay ang pagtukoy at pagpili ng mga indibidwal o grupo ng mga indibidwal na may partikular na kaalaman o karanasan sa isang pangyayaring nais pag-aralan. Upang makuha ang mga kasagutan ng mga respondenteng may angkop na katangian na hinahanap ng pananaliksik, gumamit ang mananaliksik ng nabanggit na pamamaraan. Gayundin, ang mananaliksik ay bumuo ng mga pamantayan sa pagpili ng mga respondente kaugnay ng layunin na pananaliksik.

Mayroong mga pamantayan ang nabuo para sa pamimili ng kwalipikadong respondent

MGA PAMANTAYAN SA PAGPILI NG RESPONDETE PARA SA INISYAL NA SARBEY (MGA GURO)

1.Gurong kwalipikado at lisensyadong magturo sa sekundarya

2.Ang paaralang tinuturuan ay matatagpuan sa bayan ng Santa Elena, Camarines Norte.

3. Nagturo o nagtuturo ng asignaturang Filipino sa kahit anong baitang ng sekundarya

4.Nagturo o nagtuturo ng Obra Maestra sa asignaturang Filipino sa kahit anong baitang ng sekundarya

MGA PAMANTAYAN SA PAGPILI NG RESPONDETE PARA SA INISYAL NA SARBEY (MGA MAG-AARAL)

1.Kasalukuyang mag-aaral ng ika-10 baitang sa sekundarya

2.May sapat na kaalaman sa Noli Me Tangere bilang bahagi ng asignaturang Filipino sa ika-9 na baitang

Ang Purposive sampling ay ginamit ng dalawang inisyal na sarbey na isinagawa ng pananaliksik: ang para sa guro at mag-aaral. Ang parehong sarbey ay nagkaroon ng pamantayan sa pamimili ng respondente. Ang mga ito ay ibinatay sa layunin ng pag-aaral. Sa kadahilanang kaunti lamang ang

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

bilang ng mga guro sa asignaturang Filipino sa bayan ng Santa Elena, hindi na gumamit ng ibang pamamaraan ang mananaliksik at ibinilang na ang lahat guro sa naturang bayan. Sa kabilang banda, upang mapaliit ang populasyon ng mga mag-aaral na magiging respondente na hindi isinasawalang-bahala ang pagiging maaasahan ng mga datos, ginamit ng pananaliksik ang Quota sampling na pagpili ng mga respondenteng kakatawan sa katangian ng populasyon. Matapos makuha ang mga respondenteng iniayon sa Purposive sampling, gumamit pa ng isa pang metodo. Ang Qouta sampling ayon sa pahayag ni Simkus (2022) ay isang uri ng non-probability sampling na naglalayong makakuha ng sample na epektibong kinakatawan ang katangian ng populasyon. Nakatulong ang teknik na ito upang makakuha ng angkop na bilang ng respondente na kailangan sa pananaliksik.

Ang inisyal na sarbey para sa mga guro ay isinagawa sa kani-kanilang mga paaralang pinagtuturuan sa pamamagitan ng google form link. Sa kabilang banda, ang inisyal na sarbey para sa mga mag-aaral ay isinagawa sa Rizal National High School at sa San Pedro Domingo-Llarena High School.

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng mga sumusunod na istadistikal na metodo sa pagkuha ng bilang ng respondente at sa pagsuri ng mga datos na kinalabasan ng inisyal na sarbey ng pananaliksik.

Sa pagkuha ng bilang ng respondenteng guro, hindi na gumamit ang mananaliksik ng anumang pormula. Lahat ng guro na nagturo at nagtuturo ng asignaturang Filipino sa ika-9 na baitang sa bayan ng Santa Elena ay ibinilang bilang respondente. Sila ay binunuo ng 21.

Samantala, upang pagkuha naman ng bilang ng respondete para sa inisyal na sarbey sa mga mag-aaral, gumamit ang mananaliksik ng isa lamang na pormula – ang Yamane's Formula. Ang pormula ay:

$$n = \frac{N}{1 + N(e)^2}$$

Kung saan, ang n ang bilang ng respondente, N ang laki ng populasyon, e ang dalas ng kamalian (margin of error).

Gamit ang pormulang ito, nabawasan ang bilang ng respondente na may pagsasaalang-alang sa dalas ng kamalian ng pananaliksik. Sa pamamagitan ng pormulang ito, ang mananaliksik ay nakakuha ng tiyak na bilang ng mga respondenteng sasagot sa isasagawang inisyal na sarbey para sa mag-aaral.

Ang kabuuang bilang ng mag-aaral sa ika-10 na baitang sa walo (8) paaralang sekundarya sa bayan ng Santa Elena ay 848. 87 mag-aaral sa Bulala High School, 78 sa E. P. Borja High School, 64 sa Leocadio Alejo Entienza High School, 76 sa Maulawin National High School, 265 sa Rizal National High School, 70 sa San Pedro-Domingo Llarena High School, at 208 sa Santa Elena Integrated School. Ang Dominador G. Mendoza High School ay kasalukuyang bukas lamang sa mga mag-aaral ng baitang 7 at 8.

Upang makuha ang tiyak na bilang ng respondenteng sasagot sa inisyal na sarbey para sa mag-aaral, gumamit ang mananaliksik ng Yamanes Formula. Ang confidence level ng pananaliksik ay 95 bahagdan kaya't nagkaroon ng dalas ng kamalian (margin of error) na .05)
Ang mga sumusunod ay kompyutasyon upang makuha ang tiyak na bilang ng respondente sa ika-10 baitang:

$$n = \frac{N}{1 + N(e) 2}$$

Given: N = 848
e = 0.05

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

$$n = \frac{848}{1+848\ (0.05)\ 2}$$

$$n = \frac{848}{1+848\ (0.0025)}$$

$$n = \frac{848}{1 + 2.12}$$

$$n = \frac{848}{3.12}$$

n = 271.79 o 272 na respondenteng mag-aaral sa ika-10 na baiting.

## Research Instrument

Ang inisyal na sarbey para sa mga guro ay naglalaman ng apat (4) na mga katanungan: (1) nagtuturo ng Obra Maestra sa asignaturang Filipino, (2) Obra Maestrang itinuturo, (3) antas ng hirap/dali ng pagtuturo ng Obra Maestra, at (4) kahalagahan ng Gabay ng Guro (Teacher's Guide). Samantala, ang inisyal na sarbey para sa mga mag-aaral au may limang katanugnan: (1) mag-aaral ng ika-10 baitang, (2) napag-aralan ang Noli Me Tangere sa ika-9 na baitang, (3) antas ng hirap/dahil ng pag-aaral ng Obra Maestra, (4) salik na nakaapekto sa antas ng pag-unawa ng Noli Me Tangere, at (5) gawaing pampagkatuto ang nararapat na isama sa pagtalakay ng Noli Me Tangere upang mas maging interaktibo at epektibo ang pagkatuto ng nabanggit na Obra.

Ang katanungan sa nabanggit na sarbey ay sistematikong itinala ng mananaliskik at na siya namang pinagtibay ng gurong nagpakadalubhasa sa asignaturang Filipino. Mula sa pagkakabuo ng mga salita hanggang sa balarila, ito ay maayos na inilatag ng mananaliksik upang maging katanggap-tanggap at angkop sa target na respondente. Ang mga katanungan ay mayroong dalawa at higit pang pagpipilian na masasagutan sa pamamagitan ng pag-click o pag-tesk ng isa o higit pang kasagutan kung kinakailangan. Ang inisyal na sarbey ay bukas-palad ding tumanggap ng iba pang suhestiyon mula sa mga respondeteng kaguruan kaugnay ng pananaliksik.

Ang inisyal na sarbey ay mayroong dalawang bahagi, una ay ang personal na impormasyon at ang ikalawa ay ang talatanungan. Ang mananaliksik ay nagkaroon ng pamantayan sa pagpili ng mga respondenteng sasagot sa sarbey upang makakuha ng angkop na kasagutan.

Para sa bahagi ng etikal konsern, ang sinumang kasangkot sa pagkolekta ng datos mula sa respondente ay mayroong etikal na tungkulin na igalang ang awtonomiya ng bawat indibidwal na kalahok. Ang anumang sarbey ay dapat isagawa sa isang etikal na paraan at isa na naaayon sa pinakamahusay na kasanayan sa pananaliksik. Ayon kina Kelly et. al (2003), mayroong dalawang mahalagang isyung etikal na dapat sundin kapag nagsasagawa ng survey: Una ay ang pagiging kumpidensyal: at ikalawa nararapat na may pahintulot. Ang karapatan ng respondente sa pagiging kumpidensyal ay dapat palaging igalang.

## Data Analysis

Upang mabigyan ng interpretasyon ang mga nakalap na datos, gumamit ang mananaliksik ng weighted mean na magiging kasangkapan upang masolusyunan ang mga suliranin ng pananaliksik. Ito ay may pormulang katulad ng sumusunod:

$$\textbf{MEAN} = \frac{\text{BILANG NG MGA NAKALAP NA SAGOT}}{\text{KABUUANG BILANG NG MGA RESPONDENTE}}$$


Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Sa pagkuha naman ng bahagdan ng kabuuan ng nakalap na resulta ng sarbey, ginamit ang pormulang ito:

$$P = \frac{\text{BILANG NG NAKALAP NA SAGOT}}{\text{KABUUANG BILANG NG RESPONDENTE X 100}}$$

## RESEARCH FINDINGS AND DISCUSSION

Upang mas higit na mapalawig at mabigyang-halaga ang pananaliksik na ito ay naging batayan ang ilang teorya. Makikita sa Pigura 1 ang balangkas ng iba't ibang mga teoryang pampagkatuto na naging saligan ng mananaliksik sa pagsasagawa ng pag-aaral. Lahat ng mga ito ay nasasangkot at pumapaloob sa pananaliksik at kapansin-pansin din ang kaugnayan nito sa isa't isa. Ito ay makatutulong upang mapalawak ang konsepto ng pananaliksik sa paglika ng Gabay ng Guro (*Teacher's Guide*) ng Noli Me Tangere sa ika-9 na baitang.




Pigura 1

Una ay ang *Cognitive Theory of Multimedia Learning* nina Mayer and Moreno (1999). Ang kanilang teorya ay nagsasabing may mas malalim na pagkatuto ay maaaring mangyari kapag ang impormasyon ay ipinakita sa parehong teksto at mga graphic kaysa sa pamamagitan ng teksto lamang. Ang teorya ng *Multimedia Learning* ay nakasalalay sa mga pagpapalagay na mayroong dalawang *channel* para sa pag-aaral: *auditory at visual*. Batay sa mga nabanggit na pananaw nina Mayer at Moreno sa kanilang teorya, mas magiging mainam at mabilis ang pagkatuto ng mga mag-aaral kung ang pag-aaral at pagtuturo ay may kaakibat ng *multimedia* o higit sa isang channel kagaya ng panonood. Nagpapahiwatig ito na ang paglikha ng Gabay ng Guro (*Teacher's Guide*) ng Noli Me Tangere sa ika-9 na baitang na may kaakibat na panooring hango sa telenobelang Maria Clarra at Ibarra ay higit na mas makatutulong sa mas magaan na pagtuturo ng guro at gayundin sa mas mabilis na pag-unawa ng mag-aaral. Dagdag pa, higit na mas kawili-wili kung bukod sa pagbabasa ng mga piling kabanata ay makikita at mapakikinggan din nila ang mga senaryo dito.

Ikalawa ay ang *Multimodality Learning Theory* ni Gunther Kress. Ang *multimodality* ay isang teorya na tumitingin sa kung paano nakikipag-usap at nakikipag-ugnayan ang mga tao sa isa't isa, hindi lamang

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

sa pamamagitan ng pagsulat (na isang mode) kundi pati na rin sa pamamagitan ng pagsasalita, kilos, titig, at mga *visual* na anyo (na maraming mga mode). Ang mga teorya ng *multimodality* ay maaaring inilarawan bilang pagpapataas ng katayuan ng mga imahe sa komunikasyon o kontekstong pang-edukasyon. Ang mga *multimodal artifact* ay nagdadala ng saganang mga *social semiotic mode* bawat isa ay may natatanging kahulugan kabilang ang mga kilos, larawan, tunog, layout, ilaw, espasyo, kulay at hugis bawat isa ay may partikular na kultural na kahulugan. Ang *multimodal* na teorya ay nagmumungkahi na kapag ang ating mga pandama (visual, auditory, kinesthetic) ay nakikibahagi sa isa't isa sa panahon ng pag-aaral, mas naiintindihan at naaalala natin ang paksang pinag-aaralan. Dahil sa pagsasama-sama ng mga *mode* na ito, nararanasan ng mag-aaral ang pag-aaral sa iba't ibang paraan upang lumikha ng magkakaibang istilo ng pag-aaral. Sa paglika ng Gabay ng Guro (*Teacher's Guide*) ng Noli Me Tangere sa ika-9 na baitang na may kaakibat na panooring hango sa telenobelang Maria Clarra at Ibarra ay hindi lamang pandamang paningin bagkus ay mapapagagana ng mag-aaral ang kanilang pandinig at sa pamamagitan nito ay mas madaling maituturo ng guro ang piling kabanata ng nobela dahil sa mabilis na pagkatatak nito sa mag-aaral.


Ikatlo ay ang *Observational Learning Theory* ni Albert Bandura. Aniya, Likas sa mga tao na matuto sa pamamagitan ng pagmamasid. Samakatuwid, ang pag-aaral sa pamamagitan ng mata at sa pamamagitan ng tainga ay isang mahalagang elemento ng pag-aaral. Bilang isang dalubhasa at mananaliksik, kinikilala ni Bandura na ang pag-uugali at gawi ay nakakaimpluwensya sa pag-aaral ng isang indibidwal. Ang pagkondisyon at mga salik kung paano mag-iisip, mauunawaan, matututo, at maaalala ang isang tao ay ilan lamang sa mga salik sa teorya ng pag-uugali.

Ikaapat ay ang *Multiple Intelligence Theory* ni Howard Gardner. Sang-ayon dito, ang pagtuturo ay nararapat na hindi lamang naglilimita sa ilan sa mga ito sapagkat ang mag-aaral ay iba-iba ang kagalingan na nararapat na alam ng guro upang maging lunsaran ito ng mabisang pagkatuto ng mag-araral. Ang Gabay ng Guro (Teacher's Guide) ng Noli Me Tangere sa ika-9 na baitang na mabubuo pagkatapos ng pananaliksik na ito ay maglalapat ng mahigit sa isang kagalingan – visual-spatial, interpersonal, verbal linguistic, intrapersonal, at iba pa kung kakailanganin.

Bilang paglalapat ay ginamit sa pananaliksik na ito ang mga teorya bilang konseptwal na batayan sa pagbuo ng kagamitang pagpagtuturo na may pamagat na "Ang Pagtatagpo ng Noli Me Tangere at Telebisyon: Batayan sa Mungkahing Gabay ng Guro (*Teacher's Guide*)". Gumamit ang mananaliksik ng modelong input-process-output (IPO model).

IJMERI
INTERNATIONAL JOURNAL OF MULTIDISCIPLINARY EDUCATIONAL RESEARCH AND INNOVATION

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.




**Pigura 2**

Makikita sa kahon ng *Input* ang pinaka-ugat ng pagsasagawa ng pananaliksik na ito. Ito rin ang pinagbatayan ng mananaliksik sa pangangalap ng mga datos kaugnay ng pag-aaral. Ang mga makikita sa bahaging ito ang magiging pundasyon ng pananaliksik. Kabilang dito ang antas ng kaalaman ng mga gurong nagtuturo ng Noli Me Tangere bilang tuntungan sa pagbuo ng Gabay ng Guro (*Teacher's Guide*), ang ilang kabanata ng Noli Me Tangere na kasama sa palabas na Maria Clara at Ibarra, at ang paglalapat ang ilang kabanata ng Noli Me Tangere na kasama sa palabas na Maria Clara at Ibarra bilang gabay ng guro sa pagtuturo batay sa mga itinalagang MELC (Most Essential Learning Competency) para sa ika-9 na baitang.

Sa kahon ng *Process* makikita ang sistematikong mga hakbang na gagawin ng mananaliksik upang maisakatuparan ang *Input*. Makikita sa balangkas na Ang may-akda ay gagamit ng deskiptibong metodo at *quantitative* na pamaraan ng pagkalap ng impormasyon. Ang may-akda ay magsasagawa rin ng *pre-assessment survey* upang malaman ang mga opinyon at saloobin ng mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino sa kung paano mas epektibong maituturo ang Noli Me Tangere bilang bahagi ng pag-aaral sa ika-9 na baitang at pagkatapos makalap at maanalisa ang mga datos ay bubuo ang mananaliksik ng isang mungkahing Gabay ng Guro (*Teacher's Guide*) sa pagtuturo ng Noli Me Tangere sa ika-9 na baitang na may paglalapat ng mga senaryo sa telenobelang Maria Clara at Ibarra sa pagtalakay ng ilang akda ng Obra Maestra.

Sa kahon naman ng *Output* makikita ang naging tugon sa suliranin ng pananaliksik. Ang paglikha ng isang mungkahing gabay (Teacher's Guide) sa pagtuturo ng Noli Me Tangere ay makatutulong sa mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino sa ika-9 na baitang. Ang lilikhaing kagamitan ay kinapapalooban ng mga Gabay ng Guro (*Teacher's Guide*) ng ilang kabanata ng Obra sa tulong ng mga senaryo ng telenobelang Maria Clara at Ibarra na maaaring makuha ng guro sa pamamagitan ng *google*

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.


*drive link* na nakatala sa gabay. Ito ay kakikitaan ng layunin o mga kasanayang pampagkatuto na kailangang matamo, panimulang gawain, pagtalakay sa kabanata, paglalapat, at pagtataya sa natutuhan ng mga mag aaral. Ang mga ito ay makatutulong sa mas magaan at epektibong pagtuturo ng nabanggit na Obra Maestra.

Sa bahaging ito ng pananaliksik ay inihanay mga datos na nakalap sa pag-aaral na pinamagatang "Ang Pagtatagpo ng Noli Me Tangere at Telebisyon: Batayan sa Mungkahing Gabay ng Guro (Teacher's Guide)" at ang interpretasyon ng mga ito. Upang mabigyang kasagutan ang suliranin ng pananaliksik, narito ang mga datos na mula sa dalawang inisyal na sarbey na ginawa: ang inisyal na sarbey sa mga guro ng asignaturang Filipino at ang inisyal na sarbey sa mga mag-aaral sa ika-10 baitang.

**INISYAL NA SARBEY PARA SA MGA GURO**

Layon ng pananaliksik ang pagbuo ng isang kagamitang pampagtuturong magagamit ng mga guro sa ika-9 na baitang ng asignaturang Filipino. Upang mapatunayang ang pananaliksik na ito ay makatutulong sa mga nabanggit ng benepisyaryo, isinagawa ang inisyal na sarbey bilang pagtugon sa suliranin bilang isa (1) na nagsasaad ng pagtukoy na antas ng kaalaman ng kaalaman ng mga gurong nagtuturo ng Noli Me Tangere.

*Unang katanungan*: Ano/ano-ano ang mga Obra Maestra ang itinuro/itinuturo mo?




**Pigura 3. Obra Maestrang Itinuro/Itinuturo ng mga Guro sa Asignaturang Filipino**

Ipinakikita sa larawang grapiko ang kalipunan ng mga datos na nakalap para sa unang katanungan. Ito ay tumutukoy sa Obra Maestrang itinuro/itinuturo ng mga gurong respondente. Ito ay may apat na pamimilian: Ibong Adarna, Florante at Laura, Noli Me Tangere, at El Filibusterismo. Matutunghayan na higit na mas marami sa mga gurong kasangkot ang nagturo/nagtuturo ng Obra Maestrang Noli Me Tangere at El Filibusterismo.


Ito ay nangangahulugan na ang mga respondente ay may sapat na kaalaman at karanasan sa pagtuturo ng naturang mga Obra Maestra at nararapat lamang na sila ay kasangkot sa inisyal na sarbey, ayon na rin sa mga pamantayang inilatag ng mananaliksik. Ayon nga kay Nuuper (2000):

> *"Your target audience should have direct involvement with the subject matter about which you're posing the questions."*

IJMERI
INTERNATIONAL JOURNAL OF MULTIDISCIPLINARY EDUCATIONAL RESEARCH AND INNOVATION

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

*Ikalawang katanungan*: Gaano kahirap ang pagtuturo ng panitikang iyong nilagyan ng tsek?




**Pigura 4. Antas ng Kadalian/Kahirapan ng Pagtuturo ng Panitikan**

Makikita sa grapikong representasyon ang mga datos na nakalap para sa ikalawang tanong. Ito ay patungkol sa antas ng kadalian/kahirapan ng pagtuturo ng panitikan. Ito ay may mga pagpipiliang: mahirap na mahirap, mahirap, katamtaman, madali, at madaling madali. Nakakuha ng malaking bahagdan ang katamtaman, at sinundan ito ng mahirap.


Nangangahulugan lamang na marami sa mga gurong respondente ay hindi ikinukonsiderang madali ang pagtuturo ng panitikan, partikular ang mga Obra Maestra sa asignaturang Filipino. Ito ay pinatotohanan ni Felonio (2021) nang sabihin niya na:

> *"Hindi mapag-aalinlangan na wala sa pagbabasa ng "tunay na panitikan" ang hilig ng mga mag-aaral, lalo na kung ang panitikang Filipino ang pag-uusapan. Kung nagbabasa man sila ay sapagkat ipinababasa sa kanila ng guro. Ang kawalan ng hilig o kusa ng mga mag-aaral sa panitikang Filipino ay maaaring nag-uugat sa matagal na pagkakatanikala sa katawan at isip ng pagkaalipin bunga man ng kolonyalismo na hatid ng mga kastila o ng imperyalismong Amerikano. Bukod sa epekto ng kaisipang kolonyal, may malaking bagay na nagagawa ang paraan ng pag-aaral at pagtuturo ng panitikan sa ating paaralan."*

Nais lamang sabihin ng may-akda na mahirap ituro ang panitikang Filipino sapagkat hindi lamang ito nagtatapos sa pagbabasa. Ito ay may kaakibat na pag-unawa at paglalapat sa sining ng kani-kaniyang buhay. Ayon nga kay Arrogante, 1993 (sipi mula rin sa pag-aaral ni Felonio):

> *"Talaan ng buhay ang panitikan sapagkat dito maisisiwalat ng tao sa malikhaing paraan ang kulay ng kanyang buhay, ang buhay ng kanyang daigdig, ang daigdig na kanyang kinabibilangan at pinapangarap."*

*Ikatlong Katanungan*: Kung bubuo ng isang gabay ng guro (*teacher's guide*) ng panitikan, ano/ano-ano ang maitutulong nito sa mga katulad mong guro sa asignaturang Filipino?




**Pigura 5. Maitutulong ng Gabay ng Guro (Teacher's Guide) sa mga Guro sa Asignaturang Filipino**

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Makikita sa grapikong larawan ang mga datos na nakalap para sa ikatlong katanungan. Ito ay tungkol sa maitutulong ng Gabay ng Guro (Teacher's Guide) sa mga guro sa asignaturang Filipino. Makikita sa resulta na may pantay na bilang ng sagot ang mga pagpipiliang: mababawasan ang panahon ng guro sa paghahanap ng mga kagamitang pampagtuturo dahil sa mga mungkahing gawaing nakapaloob sa gabay ng guro, at; mas madaling mauunawaan ng mga mag-aaral ang bawat kabanata ng Obra Maestrang itinuturo dahil sa iba't ibang mga gawaing nakapaloob sa Gabay ng Guro (*teacher's guide*).

Nangangahulugan lamang na ang pagkakaroon ng Gabay ng Guro (Teacher's Guide) ng panitikan sa asignaturang Filipino ay hindi lamang makatutulong sa mga guro, bagkus ay malaking halaga rin para sa mga mag-aaral. Ito ay sinuportahan ng website ng UNESCO International Institute for Education and Planning (2022):


> *"Teacher guides must : support teachers and student learning through the following essential components: 1) explicitly communicating conceptual goals with direct links to proposed activities; 2) providing knowledge and support to help understand and implement teaching plans; 3) reinforcing pedagogical content knowledge; 4) offering practices and understandings of relevant pedagogical activities; 5) presenting alternatives and freedom of choice; and 6) engaging teachers in ongoing reflection."*

Ang pagkakaroon ng Gabay ng Guro (Techer's Guide), bagaman ang kagamitang ito ay para sa mga kaguruan, ang pangkalahatang epekto nito ay makaaapekto sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa partikular na paksang tatalakayin ng guro.

**INISYAL NA SARBEY PARA SA MGA MAG-AARAL**

Ang pagbuo ng kagamitang pampagtuturo na magagamit ng mga guro sa ika-9 na baitang ng asignaturang Filipino – iyan ang nais makamit ng mananaliksik. Ang kagamitang ito ay Gabay ng Guro (Teacher's Guide) na naglalayong mas epektibong maituro ang Noli Me Tangere sa nabanggit na baitang. Upang makakalap ng matibay na batayan sa pagbuo nito, isinagawa ang inisyal na sarbey sa mga mag-aaral sa ika-10 baitang sa dahilang natapos na nila ang pag-aaral sa nasabing panitikan. Ito ay naglalayong makita ang iba pang posibleng epektibong paraan sa pagtuturo ng Noli Me Tangere ayon sa kanilang preperensya.

*Unang Katanungan*: Natalakay ba ninyo ang Noli Me Tangere bilang bahagi ng asignaturang Filipino sa ika-9 na baitang?





**Pigura 6. Kabatiran sa Noli Me Tangere**

INTERNATIONAL JOURNAL OF MULTIDISCIPLINARY EDUCATIONAL RESEARCH AND INNOVATION

Ang grapikong representasyon ay nagpapakita ng kabuuang datos na nakalap para sa unang katanungan. Ito ay patungkol sa kabatiran ng mga mag-aaral na respondente sa Noli Me Tangere. Matutunghayan na 100% o lahat ng mga mag-aaral na sumagot sa sarbey ay may kabatiran sa nobela sapagkat ito ay bahagi ng kanilang pag-aaral sa ika-9 na baitang sa asignaturang Filipino. Ito ay ayon sa K to 12 Basic Education Curriculum (Gabay Pangkurikulum) na nagsasaad na ang ikaapat na kuwarter ng ika-9 na baitang ay iinog sa pagtalakay ng isa sa mga Obra Maestra ng Pilipinas – ang Noli Me Tangere.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.


*Ikalawang Katanungan*: Gaano kahirap ang pag-aaral ng Noli Me Tangere?




**Pigura 7. Antas ng Kahirapan/Kadalian ng Pag-aaral ng Noli Me Tangere**

Makikita sa itaas ang grapikong larawan ng mga impormasyon na nakalap para sa ikalawang katanungan ng sarbey para sa mag-aaral. Ito ay patungkol sa antas ng kahirapan/kadalian ng pag-aaral ng Noli Me Tangere. Litaw sa representasyon na malaking bahagdan ng mga respondenteng mag-aaral ay nahirapan sa pag-unawa ng nabanggit na nobela. Ito ay sinundan ng katamtaman, mahirap na mahirap, at kaunting porsyento para sa madali. Nangangahulugan lamang na ang mga mag-aaral sa ika-9 na baitang ay nakararanas ng kahirapan sa pag-unawa ng Noli Me Tangere bilang parte ng talakayan sa asignaturang Filipino. Ayon kay Mabalhin (2020), dapat ganyakin ang mga mag-aaral sa pagbabasa ng akdang pampanitikan upang umunlad aang kasanayan sa pag-unawa at pagpapakahulugan. Dagdag pa niya, dapat gumamit din ang guro ng maraming paraan sa pagbibigay ng mga kasanayan na susukat sa kakayahan ng mag-aaral upang magdulot ng kawilihan sa kanila.

*Ikatlong Katanungan*: Ano/Ano-ano ang mga salik na sa iyong palagay ay nakaapekto sa antas ng pag-unawa mo sa Noli Me Tangere?





**Pigura 8. Mga Salik na Nakaapekto sa antas ng pag-unawa sa Noli Me Tangere**

Matutunghayan sa grapikong larawan ang mga impormasyon na nakalap ng may-akda para sa ikatlong katanungan ng inisyal na sarbey para sa mga mag-aaral. Ito ay patungkol sa mga salik na nakaapekto sa antas ng pag-unawa ng panitikang Noli Me Tangere. Ayon sa mga datos, ang salik na pinakanakaapekto sa mga mag-aaral ay ang mga salitang ginamit sa nobela, sinundan ito ng mga pangyayari at tagpuan, paraan ng pagtuturo ng nobela at mga tauhan. Binigyang-diin nina Nation at Coady mula sa pag-aaral ni Dumayac (2017), na nagsasaad ng negatibong epekto sa pag-unawa ang mga salitang di-palasak. Gayunding konsepto ang sinang-ayunan nina Marks at iba pa (1974) base sa pag-aaral nina Acierda, et al. (1999). Nangangahulugan na antas ng pag-unawa ng mag-aaral sa panitikan ay nakadepende sa kaangkupan nito sa panahon. Ayon kay Reyes (1985), kinakailangang itulak ang kahulugan ng panitikan upang masaklaw ang teksto na higit na pamilyar sa mga mag-aaral. Sa konsepto ng teskto ay maisasali ang mga pelikula, telebisyon, soap opera, grapiti, MTV, at iba pang akda. Dagdag pa niya, isa sa mahahalagang tanong na dapat isaisip ng guro ay: “Paano magiging makabuluhan ang panitikan sa buhay ng mag-aaral sa kasalukuyang panahon?”. Kung ating

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

aanalisahin, hindi lamang Sistema ng edukasyon ang nararapat nating pagtuunan, bagkus ay ang pangkalahatang ugnayan ng lipunan at kasaysayan.

*Ikaapat na Katanungan*: Alin sa mga sumusunod na gawaing pampagkatuto ang nararapat na isama sa pagtalakay ng Noli Me Tangere upang mas maging interaktibo at epektibo ang pagkatuto ng nabanggit panitikan?




**Pigura 9. Gawaing Pampagkatutong Nararapat Isama sa Pagtalakay**

Makiktia sa grapikong representasyon ang mga datos na nakalap para sa ikaapat na katanungan para sa mga mag-aaral. Ito ay patunkol sa mga gawaing pampagkatuto na nararapat isama sa pagtalakay ng pagtalakay ng Noli Me Tangere upang mas maging interaktibo at epektibo ang pagkatuto ng nabanggit panitikan. Ayon sa mga mag-aaral, ang gawaing dapat isama sa pagtalakay ay ang mahy kaugnayan sa panonood, sinundan ito ng pakikinig at pagsasalita. Ito ay nangangahulugan na kaunti na lamang sa mga mag-aaral ang nagnanais na magbasa at magsulat. Ayon ng sap ag-aaral nina Thompson at McIlnay (2019) na pinamagatang ***"Nobody Wants to Read Anymore! Using a Multimodal Approach to Make Literature Engaging"***:

> *"We argue for integration of non-traditional texts and application of multimodal reading approaches to motivate students, reinvigorate curricula, and meet continually evolving education standards. Our approach calls for integrating a wide range of texts, including comics, graphic novels, and film, for language learning and into the literary curriculum."*

Sinasabi nila na sa pamamagitan ng pagsasama ng libu-libong mga teksto tulad ng mga *graphic novel*, komiks at pelikula sa panitikan ay umaani ng maraming magagandang resulta lalo na sa pagbuo ng kumpiyansa ng mag-aaral. Iginiit sa kanilang pag-aaral, ang pagpapatupad ng multimodal reading approach na may integrasyon ng mga di-tradisyonal na teksto sa panitikan ay nakatutulong sa pinahusay na motibasyon, muling pagbuhay sa kurikulum at pagtupad sa adhikain ng lumalawak na pamantayan ng edukasyon.

IJMERI
INTERNATIONAL JOURNAL OF MULTIDISCIPLINARY EDUCATIONAL RESEARCH AND INNOVATION

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

## CONCLUSION

Batay sa mga inilatag na kinalabasan ng papel na ito, nabuo ng mananaliksik ang mga sumusunod na konklusyon:

1.Karamihan sa guro at mag-aaral ng asignaturang Filipino ay nagsasabing hindi madali ang pagtuturo ng Noli Me Tangere bilang akdang pampanitkan sa ikaapat na markahan ng ika-9 na baitang.
2.Malaking bahagdan ng mga mag-aaral ang nagsasabing ang pag-aaral ng Noli Me Tangere ay hindi madali dahil sa mga salitang ginamit dito, sa mga pangyayari sa akda, at sa paraan ng pagtuturo nito.
3.Ang pagkakaroon ng Gabay ng Guro (Teacher's Guide) ng Noli Me Tangere ay makatutulong nang malaki sa mga guro.
4.Ang pagbibigay ng mga gawaing kaugnay ng pagsusulat ay hindi gaanong nakahihikayat sa parte ng mga mag-aaral.
Teachers' competence improved with better educational qualifications. Cultural knowledge and assessment skills are honed with better education, training, and experience. However, other factors of learners' learning could be limited by contextualization and indigenization.

Based on the results of the study, the following recommendations are summarized: School administrators may include attendance to relevant training for teachers teaching IPED as part of their professional development. The School system may encourage teachers to finish their graduate studies. The School system may establish a program to encourage teachers to continue teaching in the IPEd program. The teachers may conduct indigenization mapping as part of the pedagogical strategy of handling IPED to encourage localization and indigenization of content. Regional and Division IPED specialists may conduct quarterly training and seminars for teachers on the Indigenous Knowledge System and Practices (IKSP) and other IPED-related topics. Future researchers may conduct related studies on the following: a. The effect of teachers' cultural and assessment skills on the academic performance of the learners in the IPED program. b. The relationship of the teachers' profile to the academic performance of the learners in The IPEd program.

IJMERI
INTERNATIONAL JOURNAL OF MULTIDISCIPLINARY EDUCATIONAL RESEARCH AND INNOVATION

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

## REFERENCES


Al-Khalifah, A. J. (2019). Teachers' use of audiovisual media for teaching and learning in Kuwait public schools, the influence of teacher training colleges and the role of the school library in Media Provision. figshare. Retrieved March 28, 2023, from https://hdl.handle.net/2134/14544

Bhawna, & Gobind. (2015). IOSR Journal of Research & Method in Education (IOSR-JRME). IOSR Journal. Retrieved April 7, 2023, from https://iosrjournals.org/iosr-jrme.html

Bergwall, T. (2015). Find out why e-learning is taking off in 2015. LinkedIn. Retrieved March 28, 2023, from https://www.linkedin.com/pulse/e-learning-trends-2015-travis-bergwall

Creswell, J., & Plano Clark, V. (2017). Designing and conducting mixed methods - toc.library.ethz.ch. Google Scholar. Retrieved April 7, 2023, from https://toc.library.ethz.ch/objects/pdf/z01_978-1-4129-7517-9_01.pdf

Cunningsworth, A., & Kuse, P. (1991). Evaluating teachers' guides. OUP Academic. Retrieved March 28, 2023, from https://academic.oup.com/eltj/article-abstract/45/2/128/3113744?login=false#no-access-message

Dalumpines, S. J., Pizon, R., Sarmiento, L., Torio, J. P., & Zamora, A. G. R. (2018). Epekto ng Panonood ng Banyagang Pelikula sa Pagpapaunlad ng Wikanng Filipino sa Aspeto ng Komunikasyon ng LSPU senior high (1). pdfcoffee.com. Retrieved March 28, 2023, from https://pdfcoffee.com/epekto-ng-panonood-ng-banyagang-pelikula-sa-pagpapaunlad-ng-wikanng-filipino-sa-aspeto-ng-komunikasyon-ng-lspu-senior-high-1-pdf-free.html

Danenbarger, J. (2019). What makes a novel hard-and is a difficult novel worth reading? Medium. https://medium.com/@danenbarger/what-makes-a-novel-hard-and-is-a-difficult-novel-worth-reading-ac18c674c28e

Del Rosario, C. J. (2018). Final thesis Panonood-Makrong Kasanayan (ChapterPages) stem 11-a SY. 17-18 lagro HS. Scribd. Retrieved March 22, 2023, from https://www.scribd.com/document/381846072/FINAL-THESIS-Panonood-Makrong-Kasanayan-ChapterPages-STEM-11-A-Sy-17-18-Lagro-HS#

Dionisio, M. (2021). Malikhaing Pamamaraan ng Pagtuturo sa klasrum pangwika at panitikan sa Panahon ng Pandemya. Research Gate. Retrieved March 15, 2023, from https://www.researchgate.net/publication/356906150_Malikhaing_Pamamaraan_ng_Pagtuturo_sa_Klasrum_Pangwika_at_Panitikan_sa_Panahon_ng_Pandemya

Dumayac, I. (2017). Thesis 1. Academia.edu. Retrieved March 15, 2023, from https://www.academia.edu/32846824/Thesis_1

Felonia, M. (2021). Ang Pagtuturo ng wika at Panitikang Pilipino sa panahon ng pandemya. Research Gate. Retrieved May 1, 2023, from https://www.researchgate.net/publication/356426508_Ang_Pagtuturo_ng_Wika_at_Panitikang_Pilipino_sa_Panahon_ng_Pandemya

Fernandez, F. M. (2014). Introduksyon. Academia.edu. Retrieved March 15, 2023, from https://www.academia.edu/4437797/Introduksyon_Fernandez_Lim



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Garcia, J. P. (2016). Panonood. prezi.com. https://prezi.com/dgnjqkxa3zio/panonood/

Hallet, W. (2009). The multimodal novel. the integration of modes and media in novelistic narration. De Gruyter. Retrieved March 15, 2023, from https://www.degruyter.com/document/doi/10.1515/9783110222432.129/html

IIEP, U. N. E. S. C. O. (2022). Teacher guides and lesson plans. IIEP Policy Toolbox. Retrieved March 28, 2023, from https://policytoolbox.iiep.unesco.org/policy-option/teacher-guides-and-lesson-plans/

Juan, E. S. (1987). Kapangyarihan at Panitikan: Paano Mapawawalan Ang Mapagpalayang Lakas ng Noli me tangere. MALAY. Retrieved April 22, 2023, from https://ejournals.ph/article.php?id=7724

Kaswa, J. M. (2015). The effect of visual learning aids on students' academic. Repository. Retrieved March 28, 2023, from http://repository.out.ac.tz/1297/1/DISSERTATION_-_JOSEPH_KASWA.pdf

Kelly, K., Clark, B., Brown, V., & Sitzia, J. (2003). Good practice in the conduct and reporting of survey research. Academic.oup.com. Retrieved April 7, 2023, from https://academic.oup.com/intqhc/article/15/3/261/1856193

Llorico, M. K. L. (2021). Komprehensibong Pagbasa. studylib.net. Retrieved March 15, 2023, from https://studylib.net/doc/25548583/410295887-komprehensibong-pagbasa-full-final-docx

Lofredo, M. P. P. (1970). 130 years of Rizal's Noli Me Tangere: Revisiting a cultural treasure, reviving a national inspiration. GAWI: Journal on Culture Studies. Retrieved April 22, 2023, from https://ejournals.ph/article.php?id=12517

Mabalhin, J. (2022). Pagpapakahulugan sa Nobelang Noli Me Tangere: Isang Hulwarang Gabay SA Pagtuturo. International Journal of Research Studies in Education. Retrieved May 6, 2023, from https://www.academia.edu/80222767/Pagpapakahulugan_sa_nobelang_Noli_Me_Tangere_Isang_hulwarang_gabay_sa_pagtuturo

Matic, L. J., & Gracin, D. G. (2020). How do teacher guides give support to mathematics teachers? analysis of a teacher guide and exploration of its use in teachers' practices. Taylor & Francis. Retrieved March 28, 2023, from https://www.tandfonline.com/doi/abs/10.1080/14794802.2019.1710554?journalCode=rrme20

McCombes, S. (2022). Descriptive research: Definition, types, methods & examples. Scribbr. Retrieved April 2, 2023, from https://www.scribbr.com/methodology/descriptive-research/

Mendoza, G. L. L., Caranto, L. C., & David, J. J. T. (2015). Effectiveness of video presentation to students' learning. International Journal of Nursing Science. Retrieved March 28, 2023, from http://article.sapub.org/10.5923.j.nursing.20150502.07.html

Morgenthaler, L. (2010). Voices of media literacy: International pioneers speak: David Considine interview transcript. Voices of Media Literacy: International Pioneers Speak: David Considine Interview Transcript | Center for Media Literacy | Empowerment through Education | CML MediaLit Kit ™ |. Retrieved March 28, 2023, from http://www.medialit.com/reading-room/voices-media-literacy-international-pioneers-speak-david-considine-interview-transcript

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Nuuper. (2000). Why selecting the right respondents is significant. LinkedIn. Retrieved May 1, 2023, from https://rb.gy/e9ul7

Shabiralyani, G., Hasan, K. S., Hamad, N., & Iqbal, N. (2015). Impact of visual aids in enhancing the learning process case research: District Dera Ghazi Khan. Retrieved March 28, 2023, from https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1079541.pdf

Soriano, R. (2018). Watch and learn. Scribd. Retrieved March 28, 2023, from https://www.scribd.com/document/479569395/Watch-and-Learn

Tim, T. (2022). Here's how kids can make the most of it: Viewing is a language skill. Tiger and Tim. Retrieved March 28, 2023, from https://tigerandtim.com/viewing-is-a-language-skill-heres-how-kids-can-make-the-most-of-it/

Uichangco, M. fe. (2020). Ang Suliranin at Kaligiran ng Pag-Aaral Panimula. Academia.edu. Retrieved March 15, 2023, from https://www.academia.edu/43296379/Kabanata_1_ANG_SULIRANIN_AT_KALIGIRAN_NG_PAG_AARAL_Panimula

Up, E. D. U. S. (2021). The importance of the teacher's guide and inclusion. Edu Step Up. Retrieved March 28, 2023, from https://edustepup.com/en/importance-teacher-guide-inclusion

Voxco. (2022). Descriptive research design. Voxco. Retrieved April 7, 2023, from https://www.voxco.com/blog/descriptive-research-design/#:~:text=Descriptive%20research%20design%20is%20a,problem%2C%20rather%20than%20the%20why

IJMERI
INTERNATIONAL JOURNAL OF MULTIDISCIPLINARY
EDUCATIONAL RESEARCH AND INNOVATION

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.